

Sa Pusod ng Lungsod: Mga Alamat, Mga Kababalaghan Bilang Mitolohiyang Urban

Eugene Y. Evasco

ABSTRACT

Local urban legends such as narratives about supernatural occurrences and mythological characters—the manananggal of Tondo; white lady at Loakan Road, Baguio, and Balete Drive, Quezon City; the kambal-ahas of Robinson’s Galleria and a mall in Davao City; pugot-ulo of Tagaytay City; engkantada of the market; tiyanak; mandaragit (Haring Kuto); salvation army of Calbayog City; the lost souls in the buildings which have existed since the Philippine Revolution and the World War II; and the anitos in mango and aratiles trees within the city—are intimately connected with the folk beliefs, philosophy, and mythology of the country. Interview results from various urbanized locales in the Philippines provide the context of the metaphor, motif, and images in the stories via a yearlong documentation and transcription. They also corroborate what sociologists and anthropologists have previously concluded, that the tensions due to urbanization, alienation, politics, technology, militarization, ecological degradation, and industrialization have been instrumental in the creation of modern folklore. The development of oral literature in the Philippines and the use of urban legends have effectively contributed to the production of popular culture and literature of the Philippines.

INTRODUKSYON

Bilang mga nilalang na marunong mag-isip at sumuri, likas na sa mga tao ang magbigay ng mga paliwanag sa bagay na nangangailangan ng katwiran at kabatiran. Hitik sa misteryo at salamangka ang ating paligid. Noon pa mang sinaunang panahon,

hinugot na ng pagbabago-bago ng klima at posisyon ng mga bituin ang interes at haraya ng ating mga ninuno. Gayundin ang pagsabog ng bulkan, paghihip ng hangin, pagyanig ng lupa, paglakas ng buhos ng ulan, pagkulog at pagkidlat, pag-urong-sulong ng mga alon sa karagatan, at ang pagdaloy ng tubig-bukal patungong lambak. Sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas, anumang lalawigan, kultura, o wika, may mga naitalang salaysay na nagpapaliwanag sa mga kababalaghan ng kalikasan na hindi pa noon maipapaliwanag nang lubusan ng siyensiya. Kilala ang mga salaysay na ito bilang mga mito at alamat. Sa mga salaysay na ito, malikhaing naipapaliwanag ng mga Pilipino kung bakit maraming mata ang pinya, kung bakit masangsang ang amoy ng durian, o kung bakit may mga pagkakataon na tila naglalaho ang araw gayong tanghaling tapat naman. Ang alamat, tulad din ng mito, ay mga salaysay na kagyat na mapapaniwalaan, lalo pa't malikhain itong hinabi ng mga sinaunang mananalaysay. Ngunit ang mga alamat, kaiba sa mito, ay nakaangkla sa mga pangyayari sa tunay na mundo at sa kasalukuyang panahon. Marami rin sa mga alamat ang naglalaman ng engkuwentro ng tao sa mga *supernatural* na nilalang tulad ng mga engkantada, diwata, multo, bampira, at mangkukulam. Hindi lamang mga sinaunang Griyego at Romano ang nawili sa ganitong pagsasalaysay at pagpapaliwanag. Sa ating karanasan sa kasaysayang pampanitikan, maingat na tinipon, isinadokumento, at sinuri ni Damiana Eugenio ang mga salaysay na bahagi ng panitikang-bayan bilang kinatawan ng tinig sa mga pangkulturang pamayanan. Mapapansin na may pagkakahawig sa paghahabi ng mga pangyayari sa pagkakabuo ng daigdig, paglitaw ng unang tao, pagkakaroon ng langit at lupa, at ang dambuhalang pagbaha sa mga pamayanan sa kabundukan sa kabila na ang bansa ay hinahati ng mga karagatan at kabundukan. Mula sa pagbabasa ng koleksiyon ng panitikang-bayan ni Eugenio, masasabing gayong may kaibahan ang mga salaysay ng pangkulturang pamayanan, wala tayong mga tiyak na hangganang kultural. Karamihan sa mga paniniwala at konsepto tungkol sa mga natuklasang maligno ay walang malaking kaibahan sa mga kinagisnan sa iba't ibang lunan, maging sa buong bansa.

MGA ALAMAT SA LUNGSOD (URBAN LEGENDS) BILANG PANITIKANG ORAL

Sa kasalukuyan, hindi pa rin lubusang nawawala ang nakamihansang pagsasalaysay ukol sa mga misteryo at kababalaghan

sa paligid. Nananalaytay pa rin sa ating dugo ang pamanang ito sa pagkatha at paglulubid ng mga kuwento. Gayunpaman, malaki na ang ipinagbago ng mga alamat na kinalakhan natin sa piling ng mga mapagkandiling abuwelo, magulang, at guro.¹ Kalikasan ang kadalasang imahen at pinag-uugatan ng ideya ng mga alamat at mito noong katutubong panahon—ang kuweba, ilog, lansones, lawa, paruparo, ampalaya, bituin, bulalakaw, langgam, palay, at kung anuano pa. Sa pag-aaral na ito, hindi mapaghihiwalay ang dalawang anyo ng panitikang-bayan na lumaganap noong sinaunang panahon. Ang mito, halimbawa, ay isang salaysay ukol sa paglikha dulot ng mga makapangyarihang nilalang o kaluluwa tulad ng mga diyos at diyosa. Salaysay rin ukol sa paglikha ang mga alamat ngunit ang mga tauhan sa salaysay na ito ay mga karaniwang mamamayan na walang kagila-gilalas na kapangyarihan kumpara sa mga bathala. Sa pagbubusisi ng mga salaysay ukol sa lungsod, mapapansin na may mga bakas ito ng anyo ng mito at alamat kung tutukuyin ang mga pangunahing tauhan ng bawat pagtatapat at pagsisiwalat. Maikakategorya bilang makapangyarihang tauhan ang mga white lady, duwende, kaluluwa, tiyanak, kambal-ahas. Samantala, maituturing namang karaniwan ang mga estudyante, buntis, mga bata bilang tauhan na nakasaksi at nakaengkuwentro ng isang kababalaghan na lumaganap sa lungsod. Sa pag-aaral na ito, bagamat may pagkakaiba at pagkakahawig ang mito at alamat, gagamitin ang terminong alamat sa lungsod (urban legends) bilang pagtatampok sa panibago at modernong anyo ng panitikang pasaling-dila. Gayong laganap ang alamat sa lungsod bilang anyong nakalathala o isinasadula tulad ng sa komiks, dulang pantelebisyon, panradyo at pampelikula, nakatutok ang pananaliksik sa mga salaysay. Nahalungkat ang mga halimbawa nito sa pakikipanayam ng mananaliksik sa kabataang mag-aaral buhat sa mga pangunahing lungsod ng bansa tulad ng Maynila, Quezon City, Davao, Baguio, at Calbayog. Layunin nito ang madukal ang salaysay ng isang partikular na urbanisadong lunan. Limitasyon ng pag-aaral ang hindi makakalap ng naratibo sa buong bansa dahil sa kakulangan ng panahon. Gayunpaman, napapansin ng mananaliksik na halos magkakahawig naman ang mga naratibo ukol sa kababalaghan tulad ng white lady, balete, duwende sa iba't ibang lugar. May pagkakahawig, may pagkakatulad. May lumilitaw na mga motif hanggang sa makasalansan ng mga tema at seksiyon na isinagawa sa pag-aaral na ito. Ang mga lunang ginamit na kinatawan sa pag-aaral ay mikrokosmo ng mga urbanisadong lugar ng bansa. Ang mga

salaysay na nakalap ay hindi lamang kuwento mula sa partikular na lungsod kundi ng iba pang mga lungsod ng bansa. Wala itong iisang manlilikha o awtor. Inilalatag ngayon ng pag-aaral sa koleksiyong nabuo ang isang masusing obserbasyon sa mga salaysay.

Sa kasalukuyang panahon, mga misteryo ng magkakasalikop na ugnayan ng tao at ng kanyang lipunan ang naging lunsaran sa pagluwal ng mga modernong alamat sa lungsod. Naging panlipunang penomenon ang pag-unlad ng kabuhayan sa tulong ng siyensiya at teknolohiya sa nagdaang siglo. Napadali ang komunikasyon sa magkakalayong lupalop. Napabilis ang paglalakbay sa lupa, tubig, at kalawakan. Nakatapak sa buwan ang tao. Napag-ibayo ang produksiyon ng mga produktong pang-agrikultura na nagpalawak hindi lamang ng kabuhayan kundi ng populasyon. Naimbento ang pangmadlang komunikasyon na siyang sumusubaybay kahit sa pinakamaliliit na detalye ng buhay ng bawat nilalang saan mang dako ng daigdig. Napagtibay ang bisa ng isang pamahalaan na pumapatnubay sa pamumuhay ng mga mamamayan. Dahil sa mga pagbabago at pag-unlad na ganito, umusbong ang tinatawag na lungsod, na kakaiba sa baryo dahil sa kaunlarang natatamo sa larangan ng kabuhayan. Kalimitan, ang mga lungsod sa bansa ang nagiging sentro ng kabuhayan, medisina, edukasyon, kultura, at relihiyon. Nagkaroon, kaipala, ng pagkakahati ng lipunang Pilipino—ang rural/urban at bukid o bundok/bayan. Ayon kay Bienvenido Lumbera, lalong napaigting ang klasipikasyong ito noong panahon ng Espanyol at Amerikano, batay sa patakarang panlipunan na mababakas sa panitikan (Lumbera at Lumbera 87-174). Nababansagang *taong bundok*, *wa-class*, *promdi*, *walang sibilisasyon*, at kung anu-ano pa ang malalayo sa sentro. Palibhasa kasi, ayon nga kay Salazar, labis ang pagpapamukha ng mga mananakop sa konsepto ng plaza na siyang sentro ng simbahan at pamahalaan. Kung ang isang mag-anak ay malapit sa anumang plaza sa ating kapuluan, madalas kaysa hindi, nabibilang ito sa nakaririwasang uri ng lipunan. Kilala ito bilang mga *principalia*. Kapag lumalayo naman sa tinaguriang sentro, nahihwalay ang indibidwal sa mabilis na agos na pagbabago. Maituturing lamang siyang isang katuwang sa pagtugon ng mga pangangailangan ng bayan tulad ng pagkain o lakas-paggawa. Kadalasan, ang mga lugar na malayo sa bayan ay mga agrikultural na pamayanan na walang luho at pagkakataon na matamasa ang buhay ng isang Pilipinong nababahiran ng kulturang kolonyal o astang elitista. Lumikha ang ganitong pagkakahati ng isang

sistema ng pag-iisip na ang siyudad ay lupain ng kaunlaran, kabihasan, at oportunidad. Masisipat ang ganitong paniniwala sa mga akdang *La India Elegante* y *El Negrito Amante* ni Francisco Baltazar, *Urbana at Feliza* ni Modesto de Castro, at ang kontemporaryong nobelang *Sa Mga Kuño ng Liwanag* ni Edgardo Reyes.² Inilalarawan ng mga akdang ito na iba't ibang yugto ng ating kasaysayan ang pagsisilikas ng maraming Pilipinong nahuhumaling manirahan sa lungsod, lalo na sa Kamaynilaan.

Dahil sa paglikas at pagsisiksikan sa urbanisadong lugar, sumulpot ang mga tinutuklas nating misteryo ng paligid na taglay ng mga modernong alamat o ang *urban legends*. Bagamat may mga pagkakataong ang mga tauhan ay halaw sa sinaunang mitolohiya, ang tagpo, tauhan, tunggalian at banghay naman ay moderno. Bukod pa rito, tinatalakay nito ang kasalukuyang usapin o suliranin ng lipunan—industriyalisasyon, kriminalidad, polusyon, pagkawasak ng kalikasan, paglapastangan sa kababaihan, lagim ng nakaraang digmaan, pagmamalupit ng pamahalaan, buhay-pagawaan, pangingibabaw ng isang lahi o imperyalismo, at alienasyon. At dahil lubhang malagim at sensitibo ang isyung iniikutan ng modernong alamat, lagi itong nasa anyo ng kababalaghan. Kaipala, dahil sa epekto ng pag-unlad ng transportasyon at telekomunikasyon ng bansa sa kasalukuyang panahon, nagkakapatong ang sakop ng mga salaysay na rural at urban. Hindi nakapagtataka na tanyag sa isang rural na pamayanan ang manananggal sa Tondo o white lady sa Loakan Road o Balete Drive dahil sa pagtatampok nito sa telebisyon, radyo, o tabloid. Gayundin, ang isang rural na salaysay ukol sa babaeng nanganak ng dalag o ahas ay lalaganap naman sa mga maralita sa lungsod dulot ng paglikas ng mga tagabaryo sa lungsod upang maghanap ng mas maiging kapalaran. Dahil sa likas na ring mausyoso sa sensasyonal na salaysay ang mga Pilipino, kapwa may kapangyarihang lumaganap sa anumang paraan ang rural at urban na salaysay ng kababalaghan.

Bilang panitikang oral, ang mga alamat sa lungsod ay pasalaysay na ipinapalaganap, at kung ito man ay nakalathala, ito ay halaw na lamang o naging dokumentasyon/transkripsyon sa pamamagitan ng mga panayam o anumang paraan ng pangangalap ng kultural na datos. Pasalin-salin din ang mga salaysay na ito tulad ng mga sinaunang porma tulad ng bugtong, salawikain, bulong, epiko, kuwentong-bayan, at awiting-bayan. Walang tiyak na

nagmamay-ari ng mga salaysay. Ibig sabihin, walang matutukoy na manunulat ang mga alamat sa lungsod. Ang pagluwal ng mga salaysay na ito ay bunga ng mga pagsisiwalat at pagbibida ng mga *nakakita*, *pinaramdaman*, *binisita*, *namatanda*, o *nakaramdam*.

Nilalayon ngayon ng pananaliksik na ito na magsadokumento ng ilang namamayaning alamat sa lungsod. Sa proseso ng pangangalap ng datos, nagtakda ang mananaliksik ng mga katuwang (70 katao) upang makipanayam sa mga mamamayan, anuman ang edad, kasarian, o uri basta't nananahanan sa urban na lugar. Ang mga napiling katuwang sa pananaliksik ay nakipanayam sa mga mamamayan ng lungsod ukol sa mga kababalaghan ng kanilang lugar, naranasan man nila o narinig at nabalitaan lamang. Muling isinalaysay ng mga katuwang ang kuwento ng kapanayam. Itinala nila ang mga mahahalagang detalye. Pagkaraan, akin namang isinadokumento ang mga naratibo. Inilagay ang pangalan ng informant at ang tema sa bawat salaysay upang sistematiko itong malikom. Isang taon ang pangangalap ng datos—mula pagtatanong, pakikipanayam, pagsasalansan hanggang sa maisakatuparan na ang panimulang pag-aaral. Mangyari pa, aalamin din ang pinagmulan at impluwensiya ng ganitong salaysay upang mapagtibay na ito ay bahagi ng mayaman at walang-kamatayang pagluluwal ng panitikang oral sa Pilipinas. Bukod sa pagsasadokumento, palilitawin ng pag-aaral ang mga namamayaning tema sa mga kuwento ng kababalaghan. Sisikapin ding alamin ang konteksto at mga puwersa sa produksiyon nito. Gayundin, maghahain ng ilang tala ang pag-aaral ukol sa bisang pampanitikan na maaaring pakinabangan ng mga kasalukuyang manunulat ng bansa.

**ASWANG, TIKBALANG, TIYANAK,
MANGKUKULAM, MANANANGGAL:
PINAG-UGATAN NG MGA ALAMAT SA LUNGSOD**

Ayon kay Virgilio Enriquez, ang kababalaghan ay tutumutukoy sa mga di-pangkaraniwan at di-kapani-paniwalang bagay o pangyayari (Enriquez, et al. 1989). Natukoy ni Enriquez ang mga bagay na maaaring maituturing na kababalaghan sa lipunang Filipino. Nariyan ang katutubong panggagamot o *faith healing* na nag-ugat sa mga babaylan, ang anting-anting, mutya, gayuma, usog, kulam, at mga lamang-lupa. Dagdag pa niya, sa matagal na panahon

ay pinaniniwalaan magpasahanggang-ngayon ang mga ito sa kabila ng katotohanang wala pang lohikal na paliwanag sa mga ito.

Kung susuriin ang panitikang oral ng mga katutubo, masasabing mayaman ang uri ng ating mga tauhang mitolohikal. Sa pananaliksik at pagsasadokumento ni Maximo D. Ramos, natukoy niya ang mga tauhan ng kababalaghan at ang mga angking katangian nito.³ Ayon sa kanya, ang konsepto ng aswang ay mas maiintindihan sa pagtingin sa pagkakatipon ng mga paniniwala tungkol sa limang uri ng mga mitikal na nilalang na may pagkakahawig naman sa ilang tauhang pangkababalaghan sa tradisyong Europeo. Kabilang na rito ang mga bampira, manananggal, *weredog* na kumakain ng tao, mangkukulam, at ang *carrion-eating ghoul*. Ayon pa kay Ramos, ang bampira ay isang nilalang na sumisipsip ng dugo na nagpapalit ng anyo bilang magandang binibini. Ginagamit nito ang dulo ng kanyang dila sa pagsipsip ng dugo ng kanyang biktima. Tulog buong araw ang aswang, maliban na lamang sa mga panahon na kailangan niya ng dugo ng tao na pamawi sa kanyang uhaw.

Naidagdag pa niya na ang manananggal ay kilala bilang aswang na lumilipad upang maghanap ng mabibiktima. Tulad ng bampira, ang manananggal sa araw ay isang napakagandang babae. At sa gabi, nahahati ang katawan nito at lumilipad. Buntis ang kadalasang biktima ng mga manananggal. Sa tuktok ng bubong, sa isang maliit na butas, inilulusot nito ang kanyang napakahabang dila at saka sinisipsip ang lamang-loob ng kanyang biktima.

Ang tikbalang naman, ayon pa kay Ramos, ay kinakatakutan sa kanilang anyong mataas, malaki ang pangangatawan, at maitim. Sa kabila ng kanilang anyo, ang mga tikbalang ay hindi nananakit at sa halip ay tumutulong. Nakatira diumano ang mga tikbalang sa mga malalaking puno tulad ng kalumpang, kawayan, at balete.

Isang uri naman ng lamang-lupa ang duwende na naninirahan sa ilalim ng lupa. Batay sa dokumentasyon ni Ramos, ang mga duwende ay may taas na tulad ng dalawang taong gulang na bata. Mababait daw ang mga duwende at may mabubuting kalooban sa mga taong palakaibigan ngunit mapaghiganti kapag nasasaktan. Kilala namang tiyanak ang isang uri ng duwende na ang isang binti ay mas mahaba pa sa kabila. Nagpapanggap itong isang kaakit-akit

na sanggol na umiiyak sa ilalim ng puno, at ang sinumang dumampot at kumarga ay kakagatin nito.

Maaari namang isang babae o lalaki ang mangkukulam na may kapangyarihan na magdulot ng sakit na hindi mapapagaling ng sinumang doktor. Mapaghiganti ang mga mangkukulam. Nagagawa nilang lagyan ang katawan ng isang tao ng anumang bagay—bato, buto, damo, isda, o mga kulisap—bilang kaparusahan. Mailap sa tao ang mga mangkukulam, at hindi makatitig nang mata sa mata.

Batay naman sa saliksik ni Thelma B. Kintanar sa kanyang *Cultural Dictionary for Filipinos* may ilan pang mga tauhan ng kababalaghan sa panitikang oral ng iba't ibang bahagi ng ating kapuluan:

Amamanhig—gumagalang multo na tumutugis sa mga tao
Ampasit—masamang espiritu ng Mountain Province na nagdulot ng sakit
ansisit—duwende sa panitikang-bayan ng Ilokos na galit sa alikabok na nawawalis tuwing gabi
batibat—duwende sa panitikang-bayan ng Ilokos na sinasakal ang mga masisiba at matatakaw habang natutulog
buyagan—mangkukulam ng Cebu na nagdulot ng galis
cai-i-ba-an—duwende ng panitikang-bayan ng Ilokos na nagdulot ng hindi magamot na sakit sa sinumang makatapak sa kanyang punso
Hokloban—bruha ng mga Tagalog na maaaring pumatay, manggamot, o manalanta ng mga tahanan
Magbabaya—espiritu sa Bukidnon na nakatira sa puno, kuweba, gubat, sapa na nananakit sa sinumang lumapastangan sa kanya
Mandarangan—diyos ng kasamaan ayon sa mitolohiyang Bagobo na nakatira sa mahiwagang lawa ng Bundok Apo
Mandurugo—bampira ng mga Tagalog
Mangagaway—espiritu na nagdulot ng sakit sa mga Tagalog
mangmanghik—espiritu ng mga Ilokano na nakatira sa mga puno na pinahihingian ng permiso upang pumutol ng kahoy
oggasi —masasamang espiritu ng mitolohiyang Manuvu
omaka-an—higante ng mga Maranao

Patianak—halimaw na mayroong mahabang tainga, may binti tulad ng sa tipaklong, at boses ng kambing na nambibiktima ng mga buntis
pugot—itim na higante sa mitolohiyang Ilokano na nakatira sa mga bakanteng lote at mga abandonadong tahanan at gusali
Rabot—halimaw sa alamat ng Bikol na isang makapangyarihang mangkukulam
sigbin—masamang nilalang na anyong hayop na nakatira sa mga matandang puno, at kumakain ng bata at maliliit na hayop
tiktik —panggabing ibon na nagpapahiwatig sa pagdating ng aswang
ungo/ongo/unglu—nasasapiang tao na nananakit at pumapatay ng kapwa

Lahat ng mga tauhan ng kababalaghan sa mitolohiyang Pilipino ay nakatulong sa pagpapalaganap ng mga modernong alamat sa lungsod. Dangan nga lamang, nag-iiba na ang pangalan ng mga tauhan ng mga alamat sa lungsod at kadalasan ay wala pang tiyak na pangalan kundi mga payak na bansag: “masasamang espiritu,” “kaluluwa,” “kaluluwang ligaw,” “kaluluwang hindi matahimik/ maghihiganti,” “multo,” o “kampon ng kadiliman.” Gayunpaman, mapapansing magkakahawig sa ilang katangian at gawain ang mga tauhang mitolohikal, sinauna man o moderno. Patunay ito sa ugnayang nagbibigkis sa tradisyon ng ating katutubong panitikan sa kasalukuyang panahon at sa pagkakasalin ng salaysay sa daloy ng ating kasaysayan. Dagdag pa rito, masasabi ring sa mga yugtong ang ilang mga Pilipinong taga-bukid o bundok ay nagsisilikas patungong lungsod, taglay pa rin nila ang tinatawag na katutubong memorya o panitikang-bayan na kanilang inihahasik sa urbanisado, *cosmopolitan*, at maunlad na lunan.

PAGSASAKONTEKSTO SA MGA ALAMAT SA LUNGSOD

Ang Mahiwagang Puno sa Paggalang sa Kalikasan. Sa salaysay ni Melvic Saludez, nagdudulot ng kapahamakan sa mga motorista ang dalawang punong mangga na hugis arko sa isang pabrika sa Novaliches (panayam). Ganito rin ang nailahad ni Jerry Buan (panayam). Ayon sa kanya, lumitaw ang mga masasamang kaluluwa nang binili ng isang Taiwanese ang lote na may lumang bahay at mga puno. Tinibag ng

dayuhang negosyanteng ito ang bahay upang tayuan ng isang pagawaan. Nagsimula na rito ang kababalaghan—maraming nagpaparamdam na kaluluwa at nalugi ang negosyo ng Taiwanese. Ipinapakita ng ganitong salaysay ang pagpapahalaga sa kasaysayan na kinakatawan ng lumang bahay kahit na nasa isang yugto na tayo na pinapahalagahan ang teknolohiya at industriya.

Maaaring hindi malay ngunit litaw naman sa salaysay ang tunguhin na pangalagaan ang kalikasan, lalong-lalo na sa lungsod. Masasabi natin, kung gayon, na isa sa mga tungkulin ng alamat sa lungsod ay ang pagtatanod sa kalagayan ng kapaligiran. Pinatotoo ito ng salaysay ni Jesus Antonio Grabanto na naghiganti ang puno ng aratiles nang lagi itong inihiyan at pinaglalambitinan ng mga bata (panayam). Pansinin natin ang himig ng pagtutol sa kanyang salaysay:

Dahilan sa madalas na pag-ihi ng kanyang mga anak na lalaki sa puno tuwing hapon at pinaglalambitinan pa ng mga bata hanggang sa naputol ang sanga . . . Ang mga duwende ay nasaktan at nagkasakit na ikinagalit ng ibang duwende. Lumabas sa katawan ni Emily ang galit ng mga ito.

Kinausap ni Mang Tony ang mga duwende at humingi ng tawad. Hiniling din niya na pagalingin at ibalik sa dating anyo at kalusugan si Emily. Pumayag naman ang mga duwende sa dalawang kondisyon. Una, huwag nang ihiyan ang puno ng aratiles at huwag na itong paglalambitinan. Ikalawa, nararapat mag-alay ng pagkain na binubuo ng dalawang malalaking tahong na pinakulo, itlog, manok na puti, malagkit na kanin, at alak.

Pinagtibay rin ng salaysay ni Heherson Acosta ang himig ng protesta sa mga salaysay (panayam). Nakapaloob sa kanyang testimonya ang paniniwala na ang puno ay dapat igalang dahil ito ay may kaluluwa at/o tahanan ng mga kaluluwa. Bukod pa rito, idiniin ng kanyang alamat ang pagkastigo sa labis na modernisasyon na kadalasang nagsasawalang-bahala sa kalikasan.

Duwende, Espiritu, at Lihi sa Lungsod. Sa tatlong salaysay na nakalap, lumilitaw na nakapapasok ang mga katutubo at rural na pamahiin kahit sa espasyong urbanisado. Epekto ito ng penomenon ng paglikas ng mga taga-lalawigan sa lungsod upang makapag-aral

at makapaghanap ng kabuhayan. Maaari ring dulot ito ng pagnanasa ng mga Pilipino na manirahan sa itinuturing na sentro ng pamumuhay. Sa panayam ni Andrea Leycano, isinalaysay ni Glenda Quinto na may nananahanang mga duwende sa kanilang bahay (panayam). Minsa'y nakakatulong ito, at minsan naman ay nagdudulot ng sakit. Kaparusahan sa sinumang nagkasala sa mga duwende ang karaniwang tema ng salaysay.

Sa kaso ni Roberto Cruz ng Fairview, nakaapak ito ng duwende kaya't nanlaki ang kanyang mga binti't paa (panayam). Ayon sa espiritista, higanti ito ng duwende. Ayon naman sa siyensiya, *elephantiasis* ang sakit na dumapo kay Roberto. Mahalagang banggitin na sa ating lipunan na *underdeveloped*, sa rural man o sa urban na lunan, kadalasang iniuugnay ang duwende o anumang lamang-lupa sa mga sakit na hindi maipaliwanag ng albularyo o katutubong manggagamot. Manipestasyon ito sa kakulangan ng mga mamamayan, maging sa bukid o sa lungsod, ng tamang kaalaman sa medisina at siyensiya. At kadalasan, wala pang kakayahang bumisita sa doktor ang malaking bahagdan ng Pilipino upang magpagamot.

Pinaniwalaan naman ni Sherlie delos Reyes ng Caloocan na may kapitbahay siyang ipinaglihi sa unggoy (panayam). Sa salaysay ni Adrianne Estose, may nakatira namang mga espiritu sa kanilang punong mangga kaya labis ang kanilang pag-aalaga dito (panayam). Ang paniniwalang ito ay nakaugat sa panahon bago pa man ang kolonyal na pamamahala ng mga Espanyol. Sa mga paniniwala kay Bathala, sa mga bayani ng mga digmaan na naging anito, at sa mga nagmamay-ari ng mga bagay sa ilalim at ibabaw ng lupa, umusbong ang konsepto ng mga bantay ng kalikasan. Kaluluwang tumatanod ang mga bantay na ito sa mga puno, bato, mga anyo ng lupa, batis, halaman, at hayop.

Engkantada at Tiyanak sa Halagahang Pampamilya. Isinalaysay ni Madelyn Brun ang malubhang pagkakasakit sa balat ng kanyang kapitbahay na bata (panayam). Pinagsalitaan nito ng masakit ang isang matandang tintera matapos bigyan ng hindi sariwang isda. Engkantada pala ang tintera at sinusubukan lamang ang bata kung magalang ito at marunong makiusap. Mabait naman ang engkantada kaya nang humingi ng tawad ang bata, agad namang nalunasan ang mga bukol nito sa buong katawan na may nana at dugo.

Isinalaysay naman ni Esperanza Henschel ang pagiging tiyanak ng isang ipinalaglag na bata na isinilid lamang sa kahon ng sapatos at saka itinambak sa basurahan (panayam). Maliwanag na laban sa aborsiyon ang salaysay na ito. Pansinin natin ang kanyang salaysay:

Kinagabihan, hindi nakatulog ang ina ng bata at lahat ng nakatira sa kanilang tahanan. Parang bagyo sa lakas ang hanging humihihip sa kanilang bahay, parang pinipilit buksan ang mga pinto't bintana . . .

Makaraan ang isang linggo, hinukay ng mga taga-baranggay ang kahon, buo pa ito at mabigat. Hindi nila ito binuksan. Sabi ng iba ay wala na raw dito ang katawan ng bata, sanga ng saging na lang daw ang laman nito. At ang batang ipinalaglag ay isa nang tiyanak.

Sa dalawang salaysay, masisipat natin ang pagtutuwid ng baluktot na halagahan ng mga tao sa lungsod. Ipinapaalala nito ang halaga ng buhay at ang paggalang sa sinuman—pawang mga halagahan sa pagpapatibay ng mga pamilya sa urbanisadong lugar.

Kambal-Ahas Kontra Kulturang Mall. Kuwento naman ni Karen Avelino ang matalinghagang salaysay ukol sa isinumpang buntis na nagtungo pa sa siyudad ng Davao upang magbakasakaling kontrahin ang sumpa (panayam). Laking gulat ng mag-asawang Sugni na kambal ang kanilang anak—isang tao at isang taong-ahas. Tinanggap naman nila ang kanilang supling ngunit nang lumaki na ay labis ang katakawan ng taong-ahas. Dahil pag-aari ng pamilya ang mall sa Davao, ikinulong nila sa mga *fitting room* ang anak upang biktimahin ang sinumang magsusukat ng damit.

Halos ganito rin ang lumaganap na kuwento ukol sa Robinson's Galleria sa Ortigas. May kakambal na ahas daw ang isang anak ni Gokongwei. Maaalala natin na mismong si Alice Dixon pa ang nanawagan sa programa ni Inday Badiday sa *Eye to Eye* upang magbabala sa tinaguriang *killer sawa*. Kagila-gilalas man, taglay ng alamat na ito ang pagbatikos sa mga Pilipino sa lungsod na labis na nahuhumaling sa mga *shopping mall*. Halos lahat na yata ng gawain ng pamilya ay isinasabuhay na sa dambuhalang gusali na ito—

kumain, magbasa, magsugal, mag-chersisyo, magkuwentuhan, mag-aral, pumasyal, magsine, magpagupit, magsimba, magpahinga.

Lumaganap din ang salaysay ng *mall* ukol sa isang baliw na HIV positive na nagtuturok ng kanyang dugo sa sinumang manonood sa SM City Cinema. Isinalaysay din ni Catherine Besido ang pagtataglay ng katangiang halimaw ang isang gusali sa Abucay, Bataan (panayam). Lahat ng mga salaysay na ito ay pagbalikwas at pagprotesta sa kasalukuyang kultura ng mga Pilipino sa *mall* at sa pananalinghaga nito sa komersiyalismong pinangungunahan pa ng mga dayuhang kapitalista. Talinghaga ng komersyalismo sa *mall* ang kambal-ahas na anumang sandali'y handang lumamon sa sinumang mabibighani sa mga mansanas na pinaliligiran nito.

Kriminalidad at Karahasan Bilang Mandaragit at Aswang.

Litaw sa mga salaysay tuwing sasapit ang gabi sa lungsod ang katotohanang malala na ang kriminalidad at karahasan. Ang alamat na ibinahagi ni Iza Abesamis ay isang nakakakilabot na eksena kung saan inihulog ng manananggal ang paa ng kanyang biktima sa mesa ng mga lalaking nag-iinuman sa isang subdivision (panayam). Maaaring nananakot ang kuwentong ito ngunit nagsisilbi rin itong babala sa naghihintay na karahasan sa lungsod.

Sa salaysay naman ni Jonathan Mina, inilahad niya ang nakakaligalig na kuwento ng pagkawala ng isang lalaki at ang paglitaw ng isang mysteryosang babae sa kuhang retrato (panayam). Maaaring ang kuwentong ito ay dulot ng karahasan at kidnapping sa Tagaytay na siyang lunan ng alamat.

Nagpapakita at nagpaparamdam naman si Biboy, isang estudyante ng UP Baguio na namatay sa initiation ng fraternity (panayam). Muli, ang pagmumulto ni Biboy ay isang paraan upang ipaalala ang lagim na maidudulot ng karahasan ng fraternity. Bukod pa rito, isa rin itong paghingi ng katarungan sa walang kamuwang-muwang na *neophyte* na pinaslang ng kanyang mga itinuturing na kapatid.

Karahasan laban sa bata at ang maagang pagbibilad sa mga bata sa trabaho ang sinasagisag ng salaysay ni Warren Manlapaz (panayam). Ayon sa kanya, laging babala ng kanyang magulang ang

gumagalang mandaragit na taong-kuto. (Alalahanin ang nakamihasnang kuwento ukol sa Bumbay.) Dadakipin nito ang sinumang bata sa lansangan at dadalihin sa malayong lugar upang maging alipin ng Haring Kuto.

Muli namang pinagtibay ng mga salaysay nina Jonathan Bruzo, Jason Ongkingko, at Giorgianne Liad ang sari-saring krimen sa Tagaytay City na simbolo ng aswang at ng pulubi na namumugot ng ulo at tangan ang susi ng kotse kung saan humihyaw ang kasintahan ng biktima (panayam). Mangyari pa, ipinapaalala nito ang malalagim na gabi na kailangang paghandaan ng mga mamamayan.

Mga Misteryo sa Kalupitan ng Espasyong Urban. Kalakip sa mga kuwento ng kababalaghan ang lagim ng buhay-lungsod na maaaring mag-udyok sa mamamayan nito na magpatiwakal, makapatay, at tahasang pumatay. Inilarawan sa salaysay ni Lourdes Laconsay ang de-susing buhay ni Gladys na sumuko sa mga kahilingan at kalupitan ng buhay-akademiya (panayam). Nagbigti ang naturang estudyante sa loob ng UP Baguio Dormitory dahil sa dami ng lagpak na marka sa kanyang mga klase. Sa kasalukuyan, gumagala ang kaluluwa ni Gladys sa dormitoryo na dahilan ng pagkatakot ng mga mag-aaral. Isa lamang si Gladys sa mga biktima ng pagmamaniplula ng lungsod sa buhay ng tao. Ginagawang robot o makina ang mga mamamayan ng espasyong urban. Itinuturing na makina, lalo pa't ang lungsod ay lunan ng sari-saring makinarya na mapapakinabangan sa kabuhatan. Kung ang isang indibwal, kung gayon, ay hindi makaagapay sa isang buhay-makina at kalakarang *instant*, nalilikha ang tinatawag na *anomie* at alyenasyon na siyang sanhi ng ilang kaso ng pagpapatiwakal.

Matalinghaga rin ang alamat na ibinahagi nina Dandrei Escama at Karina Castillo (panayam). Nakapaloob sa kanilang alamat ang kaluluwa ng bata na gumagambala sa mga motorista. Pinaniniwalaang ang bata ay biktima ng *hit and run*, at kasalukuyang naghahanap ng katarungan. Inilalarawan dito na sa bilis ng buhay sa lungsod, maaaring makasagasa ito sa buhay ng mga tao. May bahid rin ng *technophobia* at *techno stress*, karamdamang sikolohikal na laganap sa lungsod. Ipinapamalas nito ang kalungkutan ng tao dala ng bisa ng makabagong teknolohiya na maya't maya'y nagbabago.

White Lady: Ang Babae Bilang Biktima, Ang Babae sa Timbangan ng Katarungan. Biktima at humihingi ng katarungan ang hulagway o imahe ng babae sa maraming bersiyon ng alamat sa lungsod. Sa salaysay ni Kelvin C. de Chavez, itinampok ang lagi't laging pagpapakita ng isang babae sa Balete Drive (panayam). Pinapaniwalaang ang di-kilalang babaeng ito ay pinaslang, ginahasa, o kaya naman ay biktima rin ng malagim na aksidente. Kahalintulad din ito ng *white lady* na gumagala-gala at nagpapakita sa mga motoristang bumibiyahe tuwing gabi sa Loakan Road, Baguio City.

Ganito rin ang kaso ng mga *white lady* sa Kalayaan Residence Hall sa UP Diliman, Guerrero Theater sa UP, at sa isang gusali sa Miriam College, Quezon City (panayam). Sinasabing kapag tulog na ang lahat at malalim na ang gabi, maririnig ang hagulgol ng mga biktima na tila nagmamakaawa. Nagpaparamdam din sila sa piling tao upang humingi ng saklolo at pang-unawa. Lahat ng mga babaeng ito ay biktima ng iba't ibang uri ng karahasan sa lungsod: panggagahasa, panloloko ng kasintahan, at maagang pagbubuntis na wala pang kasal. Lumilitaw ngayon na ang lungsod ay isang halimaw na nagtatakda sa babae kung ano ang tama o mali, malinis o marumi, marangal o nakakahiya. Ang mga babaeng ito ay pawang mga dalaga. At batid naman natin na ang turing ng lipunan sa babae ay dalawang magkatunggaling tauhan—puta o birhen, Maria Magdalena o Birheng Maria. Ang lungsod tuloy ay nagiging larangan ng tunggalian ng mga hulagway na maaaring magtakda at maaaring magpalaya sa kababaihan.

Isa pang nakakabagabag na alamat ay mula sa Calbayog City, batay sa salaysay ni Pablo O. Lucero (panayam). Mayroon daw gumagalang grupo na tinatawag na *salvation army*. Ang grupong ito ay nandurukot ng mga babae at saka pinupugutan pa ng ulo kapag natiyempuhang nasa labas pa ng bahay kung gabi. Hitik sa simbolismo ang alamat na ito. Una, maaaring tumbukin ng salaysay ang lupit militarisasyon sa lungsod ng Calbayog. Ikalawa, maaaring isa itong pagtatakda sa kilos at tungkulin ng babae na pantahanan lamang. Limitado ang kanilang espasyo kumpara sa mga lalaki na maaari pang magliwaliw. Kung gayon, nagiging alipin ang babae ng domesticidad. Ikatlo, talinghaga ang naturang alamat sa pangkalahatang pagtingin sa babae ng lipunang Filipino, sa nayon man o sa lungsod. At ang huli, maaaring sinasagisag ng *salvation*

army ang pagsasabuhay ng patriyarkiya o ang pang-aabuso sa kapangyarihan at tungkuling taglay ng lalaki sa ating lipunan.

Maitatanong ngayon, malupit nga kaya ang lungsod sa mga babae?

Bakas ng Digmaan bilang Halimaw sa Kasaysayan. Sari-saring bersiyon ng salaysay ang naggigiit at nagpapaalala sa bisa kalayaan sa lungsod. Sa salaysay ni Mia dela Cruz, maririnig ang mga hiyaw ng mga pinaslang sa lumang gusali ng La Concordia College, Manila (panayam). Pinaniniwalaang ang mga hiyaw ay mula sa mga biktima ng digmaang Pilipino-Espanyol. Ito rin ang nagpapatibay na ang mga kaluluwa'y gumagala dahil mayroon pa itong misyon na hindi matapos-tapos.

Mayroon namang *tunnel* sa Rizal Technological College sa Mandaluyong na waring lungga ng mga hindi matahimik na kaluluwa ng mga sundalong Pilipino noong panahon ng Hapon. Gayundin sa isang gusali ng St. James Academy, Malabon, ayon sa salaysay ni Rowena Gabriel (panayam). Maririnig ang kanilang mga hikbi at kalabog na tila nagpupumiglas. Hindi rin tumitigil sa kalalakad hanggang ngayon sa bilog na daan ng Davao City ang mahiwagang babae na sinasabing ginahasa ng mga sundalong Hapon at saka pinaslang.

Litaw sa mga salaysay na ito ukol sa digma ang halimaw na kinakatakutang muling mangibabaw sa bansa. Sa lahat man ng dako ng bansa, tiyak natin, marami pang mga salaysay ng kababalaghan na nagpapatungkol sa pangingibabaw ng isang lahi sa bayan natin.

Mga Politiko Bilang Manananggal. Bukod sa mga kaluluwang naghihikahos sa mga lumang edipisyo ng digmaan, mayroong isang gusali—ang Manila Film Center—ang kilala bilang tahanan ng mga kaluluwa ng mga manggagawang nailibing nang buhay. Matatandaang minamadali itong tapusin ng administrasyong Marcos. Kaya nang gumuho ito, hindi na hinintay pang sagipin ang ilang buhay na piyon na natabunan ng mga kahoy at basang semento. Sa ilang nakasaksi, humihiyaw nang humihiyaw ang mga piyong natabunan habang muling ibinuhos ang semento para bumalik muli sa paglikha ng gusali. May mga hiyaw at kaluskos ngayon na naririnig

sa MFC, ayon kay Mila Laja (panayam). Isa itong pananalinghaga sa pagbibingi-bingihan ng administrasyon noon sa karapatang pantao. Maaari pa ngang magsupling ang alamat na ito, lalo pa't unti-unti na namang bumabalik sa kapangyarihan ang dating diktador.

Nakakapagtaka rin na sa panahon ng halalan, nagsisilitaw sa iba't ibang pahayagan at programa ang salaysay na may gumagalang manananggal sa Tondo, Maynila. Sabi ng ilan, ang mga manananggal daw na ito ay bansag lamang sa mga politiko na naglilipana upang mangampanya at mangako sa mga botante. May paniniwala rin na ang kaisipang ito ay isang paraan upang mabawasan ang tensiyon ng politika at halalan. Propaganda rin ito sa mga tao upang manatili na lamang sa kani-kanilang tahanan upang malayang alisin ng mga katuwang ng isang kandidato ang mga poster o streamer ng katunggali.

Kaugnay nito, hindi na bago kay Dr. Fernando Zialcita, propesor ng Socio-Anthropology sa Ateneo de Manila University, ang mga balita ukol sa manananggal (Sicam 31-34). Ayon sa kanya, karaniwan lamang ang pagpapakita nito kapag ang mga tao ay hindi na nakakayanan ang mga kahirapan sa buhay. Kaya sa mga tensiyong nararanasan, binabaling na lang nila ang kanilang atensiyon sa ibang bagay. At sa kasong ito, gumagawa ng balita ukol sa manananggal. Pinaniwalaan din ni Zialcita na ang manananggal ay mas magiging karaniwan sa lungsod kaysa sa baryo sa kadahilangang mas maraming tensiyon ang nararanasan sa lungsod, lalo na sa mahihirap na lipunan. Dagdag pa niya, kung hindi man sila nakakakita ng aswang, nakakakita naman sila ng pag-ulan ng mga talulot o kaya'y nagsasayaw na araw.

Ginamit rin daw ang alamat na ito upang ilihis ang galit at pagkadismaya ng karamihan sa mga Pilipino sa panlilinlang at ilang pang alingasngas ng mga politiko tulad ng dagdag-bawas, bayaran sa boto, paninira sa isang kandidato, naglalabasang iskandalo, patayan, at pananakot. Mangyari pa, ang tunay na manananggal sa alamat na ito ay ang mga tiwaling politiko. Sila na manananggal ng karapatang bumoto ang lipunan nang payapa. Silang mga manananggal na naghahanap ng mabibiktimang Pilipino, gabi man, umaga, o tanghali, alang-alang sa kanilang sariling kapakanan, kapangyarihan, at katanyagan.

IBA'T IBANG PAGSIPAT SA MGA ALAMAT SA LUNGSOD

Bagamat likas na sa mga alamat sa lungsod ang pagtataglay ng mga elemento ng kababalaghan, hindi ito nararapat dulugin bilang payak na panitikang pang-aliw. Ang pagluluwal ng mga alamat o kuwento ng kababalaghan sa kasalukuyang panahon ay isang pagtatangka ng mga Pilipino na makiangkop, makilahok, at makipagtunggali sa mga hindi napapansin at mapanlinlang na puwersang panlipunan na humahamon sa sinumang nasa urbanisadong lugar. Isa rin itong paraan upang makipamuhay at tumawid sa hangganan ng lupit at kaginhawahan ng buhay sa lungsod ng bato at semento. Ayon nga kay Alan Dundes at Carl Pagter, “Gayong ang buhay sa lunang urban ay nagdudulot ng *alienation*, ito rin ang dahilan ng pagluluwal ng mitolohiyang urban upang higit na makaya ng mamamayan ang mga suliranin at hamon ng modernong lipunan” (aking salin) (sipi kay Menez 11-12).

Pruweba rin ang mga alamat sa lungsod sa angking pagkamalikhain ng mga Pilipino. Tunay nga na sa panahon ng kompyuter, cable television, cellular phone, Internet, pager, fax-modem, CD-ROM, text messaging, automated teller machine, at home t.v. shopping, hindi pa tuluyang nawawaglit ang kakayahang magsalaysay ng mga Pilipino, lalo na’t nasa sentro tayo ng kaunlaran, pagbabago, at lumiliit na daigdig. Nananatili pa rin ang kakayahan ng mga Pilipino sa pananalinghaga at pananagisag ng mga pangyayaring nagaganap sa kanyang paligid.

Mangyari pa, ang mga alamat sa lungsod ay isang daluyan upang ipaliwanag at ipaintindi sa higit na nakararami ang mga balintuna at misteryo ng puwersang nagaganap sa lalong sumisikip at lumulupit na buhay sa mauunlad na pamayanan. Patunay ito sa pagiging mulat at kritikal kahit sa hanay ng mga ordinaryong mamamayan. Sinisikap ng mga salaysay na ito na gawing sagisag ang mitolohiya upang mailantad ang katotohanan ng kawalang-katarungan, panggagahasa, pagpaslang, paglapastangan sa kababaihan, dayaan sa halalan, labis na kriminalidad, pagkaagnas ng halagahan, at iba pang suliranin. Sang-ayon nga kay F. Landa Jocano:

Kailangan nating isaalang-alang na naapektuhan ng mga mito ang mga pinakamaigting na damdamin ng tao—ang kanyang takot, mga sentimiyento, mga pagnanasa, at mga pag-asa, sapagkat naapektuhan nito ang kanyang mga gawaing panlipunan. Ito [mga mito] ang mga kasangkapang ginamit (at ginagamit) ng nilalang upang bigyang-paliwanag at katuwiran ang kaayusang panlipunan, at maging ng kanyang kapaligiran, bago pa man niya matuklasan ang sistematikong pagpapaliwanag ng mga penomenon ng kalikasan. Ang kanilang impluwensiya ay direktang nakapag-ambag sa paglikha ng di-nakikitang mundo ng mga ideya at ideyal. Sa pamamagitan ng mga naratibong ito, binigyang-hugis ng ating mga ninuno ang kanilang mundo, ipinahayag ang kanilang mga damdamin, ipinaliwanag ang kanilang tagumpay, at naging batayan ng kanilang mga pangangatwiran at mga desisyon. (aking salin)

Ang muli't muling pagsasalaysay ng mga kuwento ng kababalaghan bilang alamat ay nagsisilbing konsensiya ng lipunan. Maaari itong magtakda ng limitasyon sa kilos at pag-iisip ng mga tao sa lungsod, lalo pa't kung babasahin sa literal at mababaw nitong kahulugan ang nilalaman ng mga salaysay. Ngunit kung patuloy namang sasaliksikin ang tagong talinghaga ng mga teksto, matatantong nakikilahok ang mitolohiyang urban sa paghihilom ng mga nagalusang halagahan at moralidad ng bawat mamamayan. Bagamat nananakot at nakakapanindig-balahibo ang tono ng pagsasalaysay, taglay nito ang mga habilin tungo sa isang makatao at makatarungang pamumuhay.

Gayunpaman, nararapat maging alisto ang sinuman sa pagtanggap ng mga salaysay ng kababalaghan. Kung ating babakasin ang kasaysayan, ipinaratang ng mga mananakop na mga bruha, mangkukulam, demonyo, aswang, at diyablo ang mga babaylan o catalonan upang bawian ng kapangyarihan ang mga nasabing sinaunang pinuno. Dahil dito, nabaling ang paniniwala ng mga katutubo sa bagong lider-espiritwal samantalang ang katutubong pinuno ay kinatakutan at naisantabi. Tanging bakas sa gunita ng bayan ukol sa kapangyarihan ng mga babaylan ay ang mga salaysay ukol sa pangkukulam, pambabarang, at ilan pang gawaing kinataakutan batay sa salaysay.

Noon ding naglalagablab ang Himagsikang Pilipino, ayon kay Constantino Tejero, ang mga awtoridad ay nagpasimuno ng paniniwala sa aswang upang malaman kung sino sa mga mamamayan ang Katipunero (3-4, 6). Ipinalaganap ang pananakot upang mapanatili sa tahanan ang mga mamamayan. Dahil dito, ang sinumang may lakas ng loob na lumabas sa gabi ay maaaring aswang o Katipunero.

Gayundin noong digmaang Pilipino-Amerikano. Napaniwala noon ang mga Pilipino na ang mga natagpuang bangkay ng mandirigmang Pilipino ay biktima ng bampira gayong ito ay pinaslang ng mga mananakop.

Panahon na upang ituwid ang mga mito ng “mito” at ang mga alamat ng “alamat.”

Bukod pa rito, maaaring gamitin ang mga alamat sa lungsod bilang mayamang bukal na mapagdudukalan ng materyal at talinghaga hindi lamang sa panitikan kundi sa iba pang sining sa bansa. Malaon nang ginamit ang panitikang-bayan o *folklore* upang mapagyaman ang mga katha ng ating mga manunulat. Nararapat at napapanahon na ring gamitin ang mga alamat sa lungsod upang higit na mapatingkad ang pagsisiwalat ng mga kababalaghan ng kasalukuyan sa lungsod at karatig-lalawigan. Sa katunayan, ginamit ang mga alamat sa lungsod sa mga kathang *Manananggal Terrorizes Manila* at *Cubao, Pagkagat ng Dilim* nina Jessica Zafra at Tony Perez.⁴

Napatunayan na ring mabisa ang alamat sa lungsod bilang ideya sa paglikha ng mga komiks, programang pantelebisyon, dulang pang-entablado, dulang panradyo at pelikulang katatakutan na ang pinupunto ay pagiging malay sa kapaligiran/kalikasan at sa karapatan ng mga pangkulturang komunidad sa kanilang lupain.

Sa pamamagitan ng muling pagsasalaysay, naipapaliwanag ng sinumang manlilikha ang malaking pagkakaiba ng mitolohiya sa realidad. Kung gayon, ang mga salaysay na nagtatampok ng sawa sa Davao at Robinson’s Galleria sa Ortigas, white lady sa Balet Drive at Loakan Road, kaluluwa sa Manila Film Center, manananggal sa Tondo, pulubing namumugot ng ulo, duwende sa puno ng acacia at aratiles, at ang mga hiyaw sa isang lumang gusali ay may kakayahang maglatag ng mga pananaw na maaaring gamiting lente ng mangangatha o manlilikha sa iba’t ibang pangyayari sa sarili, sa kapwa, at sa lipunan.

MGA TALA

¹Para sa karagdagang kaalaman ukol sa anyo at porma ng alamat, basahin ang *The Legends* (1996) ni Damiana L. Eugenio (Quezon City: Office of Research Coordination).

²Ang *La India Elegante y El Negrito Amante* ay isang saynete na nagsasadula ng tunggalian ng mestiso at katutubong Pilipino sa puso ng isang binibini. Pagtatakda naman ng asal ng kababaihan ang *Urbana at Feliza* upang maipakita na bahagi ng kalinangan ang pagtataglay ng urbanidad ng isang dalaga. Ipinapahiwatig na isang kagandahang-asal ang urbanidad na dapat matutunan at dapat isaalang-alang. Ang *Sa Mga Kuño ng Liwanag* ay isang nobelang realistiko noong dekada 70 na nagsadula sa trahedya ni Ligaya sa Maynila na nasadlak sa prostitusyon at sapilitang pagpapakasal sa isang Tsinong si Ah Tek.

³Mababasa sa kanyang aklat na pinamagatang *The Creatures of Midnight* (1990) ang iba pang impormasyon ukol sa mga tauhan ng kababalaghan sa Pilipinas.

⁴Basahin ang kalipunan ng mga katha ni Jessica Zafra na pinamagatang *Manananggal Terrorizes Manila and Other Stories* (1992), Pasig: Anvil Publishing, Inc. Mababasa naman ang mga kuwento ng kababalaghan ni Tony Perez sa *Cubao Pagkagat ng Dilim: Mga Kuwentong Kababalaghan* (1993), Mandaluyong: Cacho Publishing House.

MGA SANGGUNIAN

-
- Demetrio, Francisco. *Myths and Symbols of the Philippines*. Navotas: National Bookstore, Inc., 1978.
- et al. *The Soul Book: An Introduction to Philippine Pagan Religion*. Quezon City: GCF Books, 1991.
- Enriquez, Virgilio et al. *Ang Kababalaghan at ang Parasikolohiya*. Quezon City: New Horizon Press, 1989.
- Eugenio, Damiana. *The Myths*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1993.
- Jocano, Felipe L. *Outline of Philippine Mythology*. Quezon City: Capitol Publishing House, Inc., 1969.
- Kintanar, Thelma B. et al. (ed.) *The University of the Philippines Cultural Dictionary for Filipinos*. Quezon City: University of the Philippines Press and Anvil Publishing, Inc., 1996.
- Lumbera, Bienvenido and Cynthia Nograles-Lumbera. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Pasig: Anvil, 1997.

- Meñez, Herminia. *Explorations in the Philippine Folklore*. Quezon City: Atenco de Manila University Press, 1996.
- Ramos, Maximo D. *The Creatures of Midnight*, Quezon City: Phoenix Publishing House, 1990.
- . *Philippine Demonological Legends and their Cultural Bearings*. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1990.
- . *The Aswang Complex in Philippine Folklore*. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1990.
- . *Filipino Cultural Patterns and Values and their Mythological Dimensions*. Quezon City: Island Publishers, 1973.
- . *The Aswang Syncrasy in Philippine Folklore*. Quezon City: Philippine Folklore Society, 1971.
- Salazar, Zeus. *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas*. Quezon City: UP Departamento ng Kasaysayan, 1993.
- Sicam, Chula R. "Manananggal Season." *Manila Chronicle* Mayo 9-15, 1992: 31-34.
- Tejero, Constantino C. "The Manananggal of Tondo, Dugo! Dugo!" *Sunday Inquirer Magazine* 1992: 3-4, 6.

MGA PANAYAM

- Abesamis, Iza. Agosto 25, 1998.
- Acosta, Heherson. Pebrero 8, 1999.
- Avelino, Karen. Pebrero 18, 1999.
- Barredo, Wiljo. Agosto 8, 1998.
- Besido, Catherine. Pebrero 5, 1999.
- Brun, Madelyn. Marso 12, 1999.
- Bruzo, Jonathan, Jason Ongkiko, Giorgianne Liad. Setyembre 5, 1998 at Pebrero 3, 1999.
- Buan, Jerry. Marso 6, 1999.
- Castillo, Karina. Pebrero 13, 1999.
- Cruz, Roberto. Mayo 4, 1999.
- Cruzada, Winnie. Abril 26, 1999.
- De Chavez, Kelvin. Pebrero 19, 1999.
- Dela Cruz, Mia. Marso 27, 1999.
- Delos Reyes, Sherlie. Pebrero 22, 1999.
- Escama, Dandrei. Pebrero 13, 1999.
- Estose, Adrienne. Setyembre 13, 1998.
- Gabriel, Rowena. Marso 12, 1999.
- Grabanto, Jesus Antonio. Abril 30, 1999.

Henschel, Esperanza. Pebrero 23, 1999.
Laconsay, Lourdes. Marso 15, 1999.
Laja, Mila (panayam ni Jonathan Mina). Mayo 18, 1999.
Lucero, Pablo. Pebrero 26, 1999.
Manlapaz, Warren. Marso 2, 1999.
Mina, Jonathan. Mayo 3, 1999.
Quinto, Glenda (panayam ni Andrea Leycano). Abril 30, 1999.
Saludez, Melvic. Marso 14, 1999.

Eugene Y. Evasco currently teaches at the Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP), University of the Philippines Diliman. He has just earned his master's degree in creative writing and is now pursuing his Ph.D. in the same field. He was proclaimed Poet of the Year (2000). He has recently received three Palanca awards in poetry, short story for children, and essay.